

# KANGKONG

Ang kangkong ay kabilang sa mga dahon na mabilis tumubo. Mayaman ito sa bitamina *C* na nagsisilbing *anti-oxidant.* Sagana din ito sa *Potassium, Calcium, at Iron.*

## PANGANGAILANGAN NG LUPA AT KLIMA

Mainam itong itanim sa buhaghag na lupa na maraming organikong bagay at pH na 5.3-8.5, katulad ng mababang lugar na mainit at mahalumigmig. Maganda ang tubo ng halaman kung itatanim ito sa buwan ng maiksi ang araw kaysa gabi.

## PAGPILI NG BINHI

Ang kangkong ay may dalawang uri. Ang isang uri ay kadalasang nabubuhay sa mga matutubig na lugar at may malalapad na dahon. Ang pangalawang uri naman ay nabubuhay at itinatanim sa lupa na may mahaba at makitid na dahon. Ito rin ang inirerekomendang gamitin.

## PAGHAHANDA NG LUPANG TATANIMAN

Bungkalin at suyurin ang taniman ng dalawang beses at gumawa ng mga kamang taniman na isang metro ang lapad. Gumawa ng mababaw na linya o tudling pahalang sa kama may pagitan na 10-15cm at lalim na 2.5cm.

## PAGTATANIM

Ibabad ang mga buto ng kangkong sa malinis na tubig sa loob ng 16 na oras. Itanim ito sa mga tudling na may pagitan na 5cm. Maglagay ng binulok na dumi ng hayop o kompost, o di kaya ay *vermicompost* sa mga kamang taniman na may daming 2kg kada metro kwadrado bago magtanim.

## PANGANGALAGA NG TANIM

Pagkalipas ng 10-15 araw pagkatapos itanim muling maglagay ng kompost, o di kaya ay *vermicompost* sa mga kamang taniman na may daming 3kg kada metro kwadrado. Maaari ding mag-aplay ng *Fermented Plant Juice* (FPJ). Diligin ang halaman araw-araw o kung kinakailangan sapagkat nangangailangan ito ng maraming tubig.

## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Hindi masyadong problema ang sakit at peste sa kangkong subalit karaniwan itong naaapektuhan ng mga kulisap na sumisira sa dahon, katulad ng uod, tipaklong at mealybug. Maaari itong kontrolin sa pamamagitan ng pag-ispray ng katas ng sili (100g na dinurog na sila sa 16L na tubig) para sa mga insekto.



*Mealybugs*



*Tipaklong*

## PAG-AANI

Maaaring anihin ang kangkong 20-40 araw pagkatapos itanim, depende sa binhing ginamit. Gawin ito ng maaga o sa hapon, upang maiwasan ang pagkalanta ng mga dahon.




Ito'y hango sa ginawang babasahin ng Department of Agriculture—Agricultural Training Institute.
Inihanda ng Provincial Government of Camarines Norte sa
pamamagitan ng Office of the Provincial Agriculturist.
Provincial Capitol Building, Daet, Camarines Norte
Tel. No.: (054) 721-0291
Email: opagcamnorte@yahoo.com / opagcamsnorte@gmail.com
Facebook: OPAg Camarines Norte
Website: https://opagcamnorte.com